

Kulumpol ng mga Pulotpukyutan



Tag-kulumpol

Ang tropikong klima ng Hawaii ang nagpapahaba sa panahon ng pangungulumpol kung ikukumpara sa mainland US.

Ang mga kulumpol ay karaniwan sa tag-sibol at tag-init. Lyan ay simula sa Marso hanggang Setyembre sa Hawaii.

Ang mga kulumpol ay kalimitang hindi agresibo, at bihirang manusok; subalit paiaging mainam na tratuhin ang kulumpol na may pag-iingat, ilayo ang mga bata at mga alagang hayop sa pulotpukyutan. Huwag magbomba o istorbohin ang kulumpol, ito ay baka makabagabag sa mga pulotpukyutan at maragdagan ang panganib na makatusok.

Ang mga kulumpol ay mahalagang kayamanan; ang mga pulotpukyutan ay nagpopolineyt ng mga lokal na halaman at gumagawa ng pulot. Tulungang pangalagaan itong importanteng insekto sa pagtawag sa lokal na grupo ng apikultor, sa State Apiary Program, o sa UH Honeybee Project para ipagbigay-alam ang kulumpol.

Mga kulumpol: lumitaw na bigla. Ang malaking grupo ng pukyutan, halos kasinlaki ng basketbol ay lumitaw sa magdamag sa nakalantad na lugar. Walang mapapansin na hanikomb o pugad.

Mga kolonya: lumitaw mahigit nang ilang araw. Ang karamihan sa mga pukyutan ay hindi nakalantad. Ang panay na pagpasok at paglabas ng pukyutan sa butas o siwang ay mapapansin.

Ano ang kulumpol?

Ang pangungulumpo ay likas na paraan nang kolonya ng pulotpukyutan na mahati sa dalawa. Ang mga kulumpol ay malamang na mangyari kung ang kapaligiran ay mainam, kung ang kolonya ay malakas, o basta ang kolonya ay nagangailangan ng malawak na lugar na paglalahan.

Ang kulumpol ng mga pukyutan ay nabubuo ng libu-libong trabahador na pukyutan at nag-iisang reyna sa paghanap ng bagong tumpak na tirahan. Ang mga kulumpol ay kalimitang hindi masyadong agresibo keysa mga metatag na kolonya. Siguro ito ay dahil ang mga kulumpol ay walang mga kaamanan, tulad ng pulot o uod na pinangangalagaan. Ang mga kulumpol kalimitang lumilitaw kaagad at makikita sa mga nakalantad na lugar katulad ng mababang sanga ng punongkahoy, eba ng bubong o tagiliran ng gusali.

Ang mga pukyutan sa kulumpol ay nangangailangang makakita ng tirahan kaagad pero imbes na maglipara ang buong grupo, ang pananaliksik sa paligid ay natatamo sa pagpapadala nga mga skawt na pukyutan. Pagkadapo ng kulumpol sa pansamantalang lugar, ito ay nagsusugo ng daan-daang skawt sa paghanap ng tumpak na tirahan. Ang mga skawt ay magbabalita sa grupo tungkol sa mga posibleng lugar na kanilang sinaliksik: kung ito man ay butas sa loob ng punongkahoy, sa pagitan ng dingding ng bahay, o kahit na sa abandonadong kahoy na kaban sa bakuran.

Ang mga skawt na pukyutan ay nagpapahiwatig ng kanilang natuklasan sa ibang mga pukyutan sa pagsayaw at pagdinig. Ang kulumpol ay nakikinig sa lahat ng bagong impormasyon, at ang mga karagdagan skawt ay isinusugo para tiyakin ang inaka-kanaisnais na lugar. Ang pagtitipon ng impormasyon at pagpili ng tumpak na lugar ay nangangailangan ng oras, mula sa kaunting oras hanggang mga ilang araw, pero kalimitan ang kulumpol ay lumilikas sa loob ng 24 oras sa kanilang bagong tirahan.



Ang kulumpol ay nagtitipon sa punongkahoy habang ang skawt na pukyutan ay humahanap ng tumpak na bagong tirahan.

Pag-aaral ng Buhay at Pangangasiwa ng mga Kulumpol

Paglaki ng kolonya, wastong pamamaraan ng pag-aalaga, at mga alalahanin ng publiko

Ang pangungulumpol ay likas na bahagi sa buhay ng kolonya ng pulotpukyutan. Samantalang nagaganap ang pangungulumpol ang matandang reyna ay nagsasama ng halos kalahating trabahador sa paghanap ng tumpak na lugar para magtatag ng bagong tirahan. Habang nasa pinagmulang kolonya, ang mga natitirang trabahador ay nag-aalaga sa bagong reyna. Ang ganitong pamamaraan ay nagdudulot ng dalawang kolonya buhat sa dating isang kolonya.

Ang mga apikultor ay kalimitang nakakakilala ng mga palatandaan na nagpapahiwatig na ang kolonya ay malapit nang mangulumpol. Ang pagdami ng matandang pulotpukyutan sa populasyon ay nagpapahiwatig na ang lumalaking kolonya ay nangangailangan ng malawak na lugar.

Ang paglitaw ng mga espesyal na selula ng reyna nap ag-aalagaan ng mga batang reyna ay palatandaan na ang mas matandang reyna ay aalis. Ito ay mga palatandaan ng atentibong apikultor oras na para hatiin ang kolonya.

Ang paghahati ng kolonya ay paraan ng pangangasiwa na ang apikultor ay naghihiwalay ng mga inakay at matatandang pulotpukyutan sa dalawang

kahon, isang kahon ang mayroong matandang reyna at isa ang walang reyna pero may mga itlog at mga batang uod na maaring alagaan na maging bagong reyna. Ang paghahati ay nagpapahintulot sa apikultor na hatiin ang kolonya batay sa pinipigil na kalagayan at maiwasan ang pangungulupol. Ang paghahati ay madaling paraan para maparami ang kolonya sa apikultura.

Kung ang kulumpol ay mangyayari, ang apikultor ay kalimitang mawawalan ng nangungulumpol na pulotpukyutan at ang dating kolonya na pinanggalingan ng kulumpol ay mababawasan ang laki pansamantala.

Ang mga apikultor ay maaring



Ang mga reyna ng pulotpukyutan ay kalimitang pinapalitan kada taon para masigurado na ang kolonya ay malusog at maraming bagong pulotpukyutan ang mapisa.

makapigil sa pangungulumpol kung malalaman ang pangangailangan ng kolonya at mabibigyan ng lugar para mapaglakihan at mapaglagyan ng pulot. Ang ganitong estratehiya ay maituturing na pagsawata ng kulumpol (swarm prevention) at malamang isa sa mga madaling pamamaraan ng pangangasiwa sa lumalaking kolonya. May mga pagkakataon naman na ang kolonya ay nag-umpisang gumuwa ng mga selula ng reyna. Sa ganitong mga pagkakataon ang apikultor ay maaring piliin na sirain ang mga selula na ito. Ang ganitong estratehiya ay maituturing na pagpipigil ng kulumpol (swarm control) at maaring mahinto ang paglikas ng kolonya lalo na kung hindi nabigyan ng maluwag na lugar ang mga pukyutan.



Ang mga selula ng reyna ay mas Malaki keysa mga selula ng mga karaniwang trabahador at nakalagay ng perpendicular sa hanikomb.

Tips sa Kulumpol

Kung ang malaking grupo ng pulotpukyutan ay biglang lumitaw o nagtipon sa punongkahoy o gusali ito ay malamang na kulumpol.

Ang nangungulumpol na pukyutan ay kalimitang napaka-kalmado kaya huwang matakot kung may lumitaw na kulumpol pero palaging dapat mag-ingat kasi may mga tao na may masamang reaksyon sa tusok ng pulotpukyutan. Pamalagiing malayo ang mga bata at mga alagang

hayop.

Huwang istorbohin ang mga pukyutan, ipagbigay-alam ang kulumpol sa:

State Apiary Program:
(808) 339 1977
www.hawaiiibee.com

UH Honeybee Project:
(808) 956 2445
www.uhbeeproject.com

Dahil ang kulumpol ay pansamantalang katipunan, ipagbigay-alam kaagad sa mga apikultor o mga ahensiya na may kaugnayan sa pulotpukyutan kung ang kulumpol ay biglang lumitaw. Kung ang kulumpol ay malapit sa paliparan

o daungang-dagat ipakibigay-alam na madalian ASAP sa State Apiary Program para ang mga pukyutan ay masuri. Importante na mapatunayan na ang mga ito ay malusog at walang bagong peste ang makapasok sa Hawaii.

Ang handout na ito ay nagawa sa tulong ng mga sumusunod na organisasyon:

